Ilusyon

Gracenote

Ilang dekada na ba? Nakapagtataka na
Wala pa ring pagbabago nang pagkatagal na
Imbis na mataranta, aba nagbabalak pa
Pagtakpan ang matagal nang halatang-halata
Palakihan ng lote, paramihan ng kotse
Para 'di mangamote, bayanihan ng konti
Talagang plastikan ang forte
Natutulog sa pansitan ang sandigan ng korte

Sakit ng lipunan, kayo ang ebidensya
Sakit? Oo pero ngayon ay epidemya
At sa Pilipinas ang mga elektibo
Ang nagpapakabibo at hindi epektibo
Puro salita, pero ni wala man lang pruweba
Magpapakapropeta para walang protesta
Sa nakaraang problema, ano ang solusyon?
Kung lahat ng nakikita ko, isang ilusyon

Walang nakaisip ng nasa palagid
Mabaho, madumi at kadalasan mainit
Tambakan ng basura kahit na saang gilid
Ang trapik! Para bang kada kalsada makitid
Laganap na kotongan, sus Maria!
Mga drayber tingin sa kanilang bus, Tamiya
Kasalukuyang problema, ano ang solusyon?
Kung lahat ng nakikita ko, isang ilusyon

Maraming nagugutom walang matirhan
At abot kaya na gamot wala man lang mabilhan
Edukasyon sa lahat 'di niyo kayang pagbigyan
Kayo ang boses ng taong 'di niyo kayang pagbigyan
Magandang kinabukasan naorasan ko yon,
'Di ba dapat ngayon ang kinabukasan noon?
Kinabukasan na problema, ano ang solusyon?
Kung lagat ng nakikit ko'y isang ilusyon?

Nasan na ba ang pagbabago?
Wala pa rin pala
Kaming mga bulag sa katotohanan, ngayon nakakakita na
Kayo na nga 'tong pumapapel, pati ba naman ngayon
Nakikipagplastikan pa
Bahala na kayo sa buhay niyo basta
Wag nyo kong gagawing tanga

Basta't wag niyo akong gagawin tanga
Basta't wag niyo akong gagawin tanga
Basta't wag niyo akong gagawin tanga
Basta't wag niyo akong gagawin tanga

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!